



Alam ng mga propeta sa Biblia na pansamantala lamang ang lahat sa mundong ito. Sa bawat pangyayaring nagbabanta sa buhay ng kanilang bayan, nakita nila ang pagdating ni Yawe na naghuhukom sa mundong ito para maitatag ang walang-hanggan at ganap na daigdig.

Nangungusap si Joel samantalang nilulusob ng mga balang ang lupain. Tinitingnan ng mga tao ang mga wasak nilang bukirin at nasirang pananim. Sa mas malayo naman nakatingin si Joel: *Ipinaririnig ni Yawe ang kanyang tinig, sino ang makatatagal sa kanyang pagdating?*

Kasabay ng pangako ng pagpapalaya mula sa salot na ito, ibinabalita rin ng Diyos ang masayang panahon na di na magkakaroon pa ng pighati ni takot. Ibinabalita ang araw na ibibigay ng Diyos sa lahat niyang mga anak ang Espiritu ng mga propeta: para sa Iglesia, si Joel ang propetang nagbabalita sa Araw ng Pentekostes (tingnan ang Mga Gawa 2:17).

1 ¹ Ang salita ni Yawe na dumating kay Joel na anak ni Petuel.

Ang pagsalakay ng mga balang

² Makinig kayong Matatanda!
Makinig kayong lahat na tagalupa!

May nangyari bang ganito sa inyong kapanahunan

o sa kapanahunan ng inyong mga ninuno?

³ Isalaysay ninyo ito sa inyong mga anak, nila sa kanilang mga anak, at ng kanilang mga anak sa susunod na salinlahi.

⁴ Ang iniwan ng namumutol na mga balang ay kinain ng dayupay na mga balang.

Ang naiwan ng higanteng mga balang ay kinain ng lumulundag na mga balang.

Ang iniwan ng lumulundag na mga balang ay kinain ng namumuksang mga balang.

⁵ Gumising kayo, mga lasenggo, at umiyak! Managhoy kayo, mga manginginom ng alak, dahil sa matamis na alak na ipinagkait sa inyong bibig. ⁶ Sinakop ng malaki't malakas na bansa ang aking lupain.

May mga ngipin iyon ng leon at mga pangil ng

babaeng leon. ⁷ Winasak niyon ang aking ubasan at sinira ang mga punong igos ko. Tinalupan ng balat at iniwang namumuti ang mga sanga.

⁸ Magluksang tulad ng isang dalagang nakadamit ng sako at iniiyakan ang kanyang asawa sa kanyang kabataan. ⁹ Walang handog na butil at inumin sa Bahay ni Yawe. Nagluksa ang mga paring naglilingkod sa harap ni Yawe. ¹⁰ Wasak ang mga bukirin, nagluluksa ang lupa dahil sa nasirang mga butil, nawalang alak at natuyong langis.

¹¹ Mamighati kayo, mga magsasaka; tangisan ninyo, mga magtatanim ng ubas, ang mga sebada at trigo pagkat nasirang lahat ang ani sa bukid. ¹² Natuyot ang punong ubas, nalanta ang punong igos; ang mga punong bayabas, palmera at mansanas – natuyo nang lahat ang mga punongkahoy sa bukid. Anong saklap! Naparam nga ang galak ng sangkatauhan!

¹³ Magbigkis kayo, mga pari, at magluksa. Manangis kayo, mga lingkod sa altar. Halina't palipasin ang magdamag na nakadamit-sako, mga lingkod ng aking Diyos! Sapagkat walang handog na butil at inumin sa Bahay ng inyong Diyos.

¹⁴Ideklara ang isang pag-aayuno, tumawag ng isang banal na pagtitipon. Ipatawag ang Matatanda at lahat ng nasa lupain at papuntahin sa Bahay ni Yaweng inyong Diyos at tumawag kay Yawe.

¹⁵Nakatatakot na araw – ang nalalapit na araw ni Yawe, ang dumarating na araw ng pag-wawasak ng Makapangyarihan!

¹⁶Di ba't kitang-kita natin ang paglalaho ng pagkain, at ng kagalakan sa Bahay ng ating Diyos?

¹⁷Nabulok ang inihasuk na mga binhi sa pag-kakadagan ng matigas na lupa; giba ang mga kamalig, wasak ang mga bodega sapagkat wala nang mga butil. ¹⁸Labis ang atungal ng mga baka! Pagala-galang nananaghoy pagkat walang masumpungang pastulan. Naghihirap pati mga tupa. ¹⁹Sa iyo ako tumatawag, O Yawe. Nilamon ng apoy ang mga pastulan, tinupok ang mga punungkahoy. ²⁰Tumatawag sa iyo maging ang mababangis na hayop pagkat tuyo ang mga ilog, nilamon ng apoy ang mga pastulan.

2 ¹Hipan ang trumpeta sa Sion, ibigay ang babala sa aking banal na bundok!

Manginig ang mga nasa lupa pagkat dumarating ang araw ni Yawe. Padating na ang araw –

²araw na mapanglaw at madilim, araw na maulap at maitim.

Dumarating ang makapal at malakas na hukbo,

tulad ng bukanliwayway na lumalaganap sa mga bundok,

na hindi pa kailanman nagkaroon, ni magkakaroon pa sa darating.

³May tumutupok na apoy sa harapan, may naglalagablab na apoy sa hulihan. Sa harapan niya'y parang hardin ang lupa, sa likod niya'y biglang naging disyerto: walang nakatatakas sa kanya.

⁴Para silang kabayo; sumusugod na parang pandigma.

⁵Sa nag-uumpugang ingay ng mga karwahe, nilulundag nila ang tuktok ng mga bundok,

katulad ng ingay ng apoy na tumutupok sa dayami, parang malakas na hukbong nakahanay sa labanan.

⁶Nasisindak ang mga bansa sa harap nila, at namumutla ang lahat ng mukha.

⁷Sumasalakay silang parang mga mandirigma;

inaakyat ang mga pader na parang mga sundalo,

patuloy sa pagmamartsang nasa hanay, di lumilihis sa patutunguhan,

⁸hindi nagtutulakan, patuloy ang bawat isa, nasa hanay na lumulusob sa ulan ng mga palaso.

⁹Nilundag ang pader, sinugod ang lungsod, nagdaan sa mga bintana at pinasok ang mga bahay.

¹⁰Sa harap nila'y nanginginig ang lupa, nangangatal ang langit,

nagdilim ang araw at buwan, nawalan ng ningning ang mga bituin.

¹¹Narinig ang dagundong ni Yawe sa harap ng kanyang hukbo

napakarami ang kanyang mga sundalo, malakas ang mga sumusunod sa kanyang

utos.

Dakila at kakila-kilabot ang araw ni Yawe, sino'ng makatatagal?

Nananangis kayong magbalik sa akin

• ¹²Sabi ni Yawe: “Ngunit ngayon pa'y magbalik na kayo sa akin nang buong puso, may pag-aayuno at pananangis at pagluluksa.

¹³Punitin ang iyong puso, at hindi ang iyong mga damit. Magbalik kay Yaweng iyong Diyos sapagkat butihin siya at mahabagin. Hindi siya magagalitin, lipos ng kagandahang-loob, at nagsisisi sa pagpaparusa.

¹⁴Sino'ng nakaaalam? Maaaring magbago siya at patawarin tayo at magtira ng ilang bahagi ng ani na mapagkukunan

• **2.12.** *Magbalik na kayo sa akin nang buong puso:* paanyaya sa pagsisisi. Sa panahon ng paghihirap, itinatadhana ang pag-aayuno ng buong bayan sa Israel. Nagdadamit panluksa ang mga tao, o papalitan ng sako ang kanilang suot, hindi mag-susuklay at maglalagay ng abo sa mukha. Hindi sasabihin ni Jesus sa Ebanghelyo na walang saysay

ang mga tandang ito ng pangkatawang penitensya gaya ng pag-aayuno para magpahayag ng pagsisisi at ka-alinsabay sa panalangin (tingnan ang Mateo 4:1 at Marco 2:20). Pero liliwanagin niya na ang panlabas na pagpepenitensyang ito ay hindi ang lahat-lahat o siyang pinakamahalaga.

natin ng mga handog para kay Yaweng inyong Diyos.

¹⁵ Hipan ang trumpeta sa Sion, ideklara ang isang sagradong pag-aayuno, at tumawag ng isang banal na pagtitipon.

¹⁶ Tipunin ang sambayanan, pabanalin ang pamayanan, pagsamahin ang mata-tanda at ang mga bata at mga pasusuhing sanggol. Lisanin ng nobyo ang kanyang higaan, at ng nobya ang kanyang silid.

¹⁷ Umiyak sa gitna ng patyo at ng altar ang mga paring naglilingkod kay Yawe at sabihing: Patawarin mo ang iyong bayan, Yawe. Huwag mo silang hamakin o ipa-insulto sa mga bansa. Hahayaan mo bang sabihin ng mga bansa: Nasaan ang kani-lang Diyos?

¹⁸ Ipinagmalasakit ni Yawe ang kanyang lupain; kinahabagan niya ang kanyang bayan. ¹⁹ Sumagot na si Yawe, sinabi niya sa kanila: “Pinadadalhan ko kayo ng trigo, bagong alak at langis na lubos na makabubusog sa inyo. Hinding-hindi ko na kayo ipaiinsulto sa mga bansa. ²⁰ Ilalayo ko ang galing Hilaga at itataboy

sa isang lupaing tigang at tiwangwang: pa-Dagat Silangan ang unahan, at pa-Dagat-Kanluran ang hulihan. At aalingasaw ang kanyang baho sa lahat ng dako. Gumagawa nga ako ng mga dakilang bagay.

²¹ Huwag matakot, O lupa! Magalak at matuwa pagkat gumagawa si Yawe ng mga dakilang bagay!

²² Huwag matakot, mga mabangis na hayop, pagkat luntian nang muli ang mga pastulan sa ilang. Namumunga ang mga puno, hitik sa bunga ang punong igos at ubas.

²³ Magalak ang mga anak ng Sion! Magdiwang kay Yaweng inyong Diyos pagkat binigyan kayo ng pagpapalang ulan sa taglagas. Pinadadalhan kayo ng masaganang ulan sa taglagas at tagsibol gaya noong una.

²⁴ Mapupuno ng trigo ang mga giikan, aapaw sa bagong alak at langis ang mga bariles.

²⁵ Babayaran ko sa inyo ang mga taong kina-in ng mga tipaklong, uod, kuliglig at balang – ang malaking hukbong ipinadala ko laban sa inyo.

²⁶ Kakain kayo at mabubusog, at pupurihin ninyo ang Pangalan ni Yaweng inyong Diyos na gumawa ng mga kababalaghan para sa inyo.

²⁷ At mauunawaan ninyong sumasa-Israel ako, si Yaweng inyong Diyos at wala nang iba pa! Hindi kailanman mapapahiya ang aking bayan.

Ibubuhos ko ang aking espiritu

3

• ¹ Pagkaraan nito’y ibubuhos ko ang aking Espiritu sa bawat laman.

Magpopropesiya ang inyong mga anak,
mananaginip ang inyong matatanda;
makakakita ng mga pangitain ang inyong mga kabataang lalaki.

² Ibubuhos ang aking Espiritu sa araw na iyon
maging sa mga alipin at babaeng utusan.

³ Magpapakita ako ng mga kababalaghan sa langit,
at sa lupa ng dugo at apoy at mga haliging usok.

• **3.1** Ibinabalita ni Joel ang *Araw ni Yawe*, isang ekspresyon na kapwa nagsasaad ng pagdating ng Diyos, Paghuhukom at pagliligtas sa mga hinirang.

Ibubuhos ko ang aking Espiritu sa bawat laman. Sa panahon pa man ng Matandang Tipan, ibinibigay na ng Diyos ang kanyang Espiritu sa mga propeta at sa mga tagapagligtas (tingnan ang Is 11:1 at Hkm 11:1). Pero nangangahulugan ito rito bilang pinakasusing tanda na ipinagkakaloob nga ang Espiritu sa lahat ng sumasampalataya. *Mananaginip sila at makakakita ng mga pangitain.* Nang mga panahong iyon, ang mga ito ang pangkaraniwang mga paraan ng pagpapahayag sa mga

propeta. Sa mga salitang ito, ibinabalita ni Joel ang sinabi mismo ni Isaias: *Tuturuan ng Diyos ang lahat mong mga anak* (Is 54:13 at Jer 31:31).

Magpapakita ako ng mga kababalaghan sa langit. Kasabay ng lahat ng klase ng mga tanda sa pagpapahayag ng isang grabeng krisis sa mundo ang alon ng propetismo. Ang paglalarawang *magdidilim ang araw* ay nagsasaad ng kaguluhan sa kalikasan at mga imposibleng sitwasyon sa buhay ng sangkatauhan.

At sila’y maliligtas. Ito ang sandali na hindi na makakaiwas ang mga tao sa paggawa ng mahalagang pasya: ang kumapit sa dati nilang pamumuhay o tumawag sa *Pangalan ni Yawe* na nangangahulugan

⁴Magdidilim ang araw at magiging dugo ang buwan sa pagdating ng dakila at kakila-kilabot na araw ni Yawe.

⁵At maliligtas naman ang sinumang tatawag sa Pangalan ni Yawe. Pagkat magkakaroon ng paglaya sa Bundok Sion, sa Jerusalem, gaya ng sinabi ni Yawe; ang nalabing tinatawag ni Yawe.

Ang huling digmaan at ang pagliligtas

4 • ¹Sa mga araw at panahong iyon, kapag muli kong itinayo at pinasagana ang Juda at Jerusalem, ²titipunin ko ang mga bansa at ilulusong sila sa Lambak ng Yosafat. Paninindigan ko laban sa kanila ang usapin ng Israel na aking bayan at aking pamana. Pagkat pinangalat nila sa mga bansa ang aking bayan at pinaghati-hatian ang aking lupain. ³Pinagpalabunutan nila ang aking bayan; ipinagpalit nila ang batang lalaki para sa isang babaeng bayaran at ibinenta ang batang babae para sa alak upang maglasing.

⁴Kayo naman, Tiro at Sidon at lahat ng purok ng Pilistia, ano kayo sa akin? Paghihigantihan ba ninyo ako? Kung iyan ang gagawin ninyo, madali at agad kong ibabalik sa inyong ulo ang mga ginawa ninyo.

⁵Tinangay ninyo ang aking mga pilak at ginto, dinala sa inyong mga templo ang pinakamaganda kong mga alahas! ⁶Ipinagbili ninyo sa mga Griyego ang mga nasa Juda at Jerusalem; inilayo ninyo sila sa sarili nilang lupain. ⁷Ngunit ngayo'y tatawagin ko sila mula sa mga lugar na pinagbilhan ninyo sa kanila, at ibabalik ko sa inyong ulo ang ginawa ninyo. ⁸Ipagbibili ko ang inyong mga anak sa mga taga-Juda na ipagbibili naman nila sa mga Sabeo, na kung saan dadalhin sila sa malayong lupain. Si Yawe ang nagsabi.

⁹Ipahayag ito sa mga bansa, ideklara ang banal na digmaan, tawagin ang mga magiting, palapitin ang mga mandirigma at pasalakayin sila! ¹⁰Pandaying tabak ang inyong mga sudsod, sibat ang inyong mga pangarit. Sabihin ng mahina: Ako'y magiting!

¹¹Mga kalapit-bansa, magmadali sa pagdating at magtipon doon! ¹²Magsibangon ang mga bansa at magpunta sa Lambak ng Yosafat pagkat doon ako mauupo sa paghuhukom sa lahat ng bansa sa paligid.

¹³Ikumpay ang karit pagkat hinog na ang ani. Halina't tapakan ang ubas pagkat puno na ang pisaan at umaapaw ang mga bariles – napakatiindi ng kanilang kasamaan! ¹⁴Napakarami, napakarami ang mga nasa Lambak ng Paghatol pagkat malapit na ang araw ni Yawe sa Lambak ng Paghatol. ¹⁵Nagdidilim ang araw at ang buwan, nawawalan ng ningning ang mga bituin. ¹⁶Umuungol si Yawe mula sa Sion at dumadagundong mula sa Jerusalem; nayayanig ang langit at lupa. Ngunit kanlungan si Yawe para sa kanyang bayan, tanggulan para sa mga anak ng Israel. ¹⁷Malalaman ninyo na ako si Yaweng inyong Diyos na nananahan sa Sion, ang aking banal na bundok. Magiging isang banal na lugar ang Jerusalem, at wala nang dayuhang magdaraan pa roon.

¹⁸Sa araw na iyon, may alak na papatak mula sa mga bundok at gatas na aagos mula sa mga burol; dadaluyan ng tubig ang lahat ng ilog sa Juda at may bukal na aagos mula sa Bahay ni Yawe at didilig sa lambak ng mga akasya.

¹⁹Ngunit mawawasak ang Ehipto at magiging tiwangwang ang Edom dahil sa mga kahasang ginawa nila laban sa mga anak ng Juda at sa pinadanak nilang dugo ng mga walang kasalanan.

²⁰Ngunit may mga maninirahan sa Juda magpakailanman at sa Jerusalem sa lahat ng salinlahi. ²¹At ipaghihiganti ko ang kanilang dugo at di palalampasing walang parusa, pagkat nananahan si Yawe sa Sion!

gan ng pagsusuko ng kanilang buhay at pag-asa sa kanya at pananalig sa kanyang makapangyarihang paggawa.

Parang sama-sama ang tatlong bagay na ito para sa mga Judio sa mga taon pagkatapos ng muling pagkabuhay ni Jesus bago nawasak ang kanilang bansa. Kaya binabanggit ni Pedro ang tekstong ito sa Araw ng Pentekostes (Gawa 2:17). Sa pag-

tatapos na ito ng ika-20 dantaon, mapatutunayan din natin ito sa pandaigdig na kalagayan sa ngayon.

• **4.1** Magagamit natin para sa kabanatang ito ang sinasabi hinggil sa Zacarias 12-14. Sinasamantala ng propeta ang isang krisis ng matinding kaapihan ng mga Judio para bigyang-diin na ang Diyos ang Panginoon ng kasaysayan.